Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT**
DILG-NAPOLCOM Center, EDSA corner Quezon Avenue, Quezon City
www.dilg.gov.ph

DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
OFFICIAL RELEASE
Signature
Date 08-06-2019
Time 3:05 PM
RECORDS SECTION

06 AUG 2019

**MEMORANDUM SIRKULAR**
**Blg.** 2019-126

**PARA SA** : **LAHAT NG PINUNONG LOKAL NG MGA LALAWIGAN, LUNGSOD, BAYAN AT BARANGAY, PUNONG MINISTRO NG BARMM, MINISTRO PARA SA PAMAHALAAN LOKAL NG BARMM, DIREKTOR PANREHIYON NG DILG AT IBA PANG MGA KINAUUKULAN**

**PAKSA** : **PAGDALO SA PAMBANSANG KONGRESO SA KATUTUBONG WIKA NA GAGAWIN NG KOMISYON NG WIKANG FILIPINO**

---

Batas Republika 7104 ay nag-uutos sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na magsasagawa, makipag-ugnayan at magtaguyod ng mga pananaliksik at pag-aaral para sa pagpapa-unlad, pagpapalaganap at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng kapuluan.

Kaugnay ng nabanggit na mandato, ang KWF ay magsasagawa ng ***Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika*** na gaganapin sa ika - 19–21 Agosto 2019 sa SMX Convention Center, Lungsod Bacolod.

Bahagi ng naturang kongreso ang mga pangunahing paksa:

- Katutubong Wika: Halaga, Tungkulin at Tunguhin;
- Estado ng Saliksi sa mga Katutubong Wika;
- Dokumentasyon ng mga Katutubong Wika;
- Katutubong Wika: Pundasyon ng Intangible na Pamanang Kultura;
- Katutubong Wika: Daluyan ng Kaalamang-Bayan; at
- Adyenda sa Pangangalaga ng mga Katutubong Wika

Layunin ng Kongreso na maitampok ang halaga at pangkalahatang estado ng katutubong wika at matalakay ang mga paraan sa pagpapaunlad at pangangalaga pa lalo ng mga ito bilang mahalagang aspekto ng ating identidad bilang isang mamamayang Filipino.

Dahil dito, ang lahat ng mga punong lalawigan, lungsod, at bayan ay hinihikayat ang partisipasyon ng mga Indigenous Peoples Mandatory Representatives (IPMRs) o may katulad na tungkulin, sa naturang pambansang kongreso.

Ang rehistrasyon, pagkain, transportasyon at akomodasyon ng mga kalahok ay magmumula sa pondo ng pamahalaang lokal, at naayon sa probisyon ng COA Circular No. 2012-003 dated October 29, 2012, base sa kung mayroong nakalaang sapat na pondo at batay sa karaniwang *accounting* at *auditing* na panuntunan. Higit pa, ang mga lokal na kawani ng pamahalaan ay pinaaalalahanan ng mga nilalaman ng DILG Memorandum Circular No. 2018-25 dated February 28, 2018 na nagbabawal sa pagpasok, pagtigil o paglalaro sa anumang gambling casinos.

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnay sa KWF sa pamamagitan nina Gng. Lourdes Z. Hinampas at Bb. Chinita Ann O. Francisco (Globe: 0927-685-6786, Sun: 0942-736-5283, Direct line: 252-1953, kwf.slak@gmail.com).

Kalakip nito ang programa para sa naturang kongreso.

Inaasahan na ang lahat ng mga Direktor Panrehiyon ng DILG ang mangunguna at mangangasiwa sa malawakan at dagliang pagpapalaganap ng kautusang ito sa kani-kanilang nasasakupan.

Para sa kaalaman at patnubay ng kinauukulan.

**EDUARDO M. AÑO**
Kalihim

DILG-OSEC 11052018-07998

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

27 Hunyo 2019

DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
RECEIVED
09 JUL 2019
NAME/POSITION
RECORDS SECTION CN 2019-07-09-054

**EDUARDO M. AÑO**
Kalihim
Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal
Diliman, Lungsod Quezon

Mahal na Kalihim Año:

Magalang kaming humihiling na magpalabas ng memorandum ang inyong tanggapan para sa isasagawang **Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika** sa **19–21 Agosto 2019** sa SMX Convention Center, Lungsod Bacolod.

Ang inaasahang mga kalahok mula sa Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG) ay mga Indigenous Peoples Mandatory Representative (IPMR) o kinatawan nito at mula sa mga lokal na yunit ng pamahalaan, mga guro mula sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED), mga mananaliksik at iskolar ng wika.

DILG-OSEC
RECEIVED BY:
DATE: JUL 09 2019 TIME: 4:10 pm
CONTROL NO:

Magkakaroon ito ng anim na pangunahing paksa:
(1) Katutubong Wika: Halaga, Tungkulin, at Tunguhin;
(2) Estado ng Saliksik sa mga Katutubong Wika;
(3) Dokumentasyon ng mga Katutubong Wika:
  3.1 Pagbuo ng Ugnayan sa Katutubong Pamayanan;
  3.2 Karanasan sa Dokumentasyon; at
  3.3 Archiving ng Datos
(4) Katutubong Wika: Pundasyon ng Intangible na Pamanang Kultura (Intangible Cultural Heritage):
(5) Katutubong Wika: Daluyan ng Kaalamang-Bayan:
  5.1 Epikong-Bayan (Luzon, Visayas, Mindanao);
  5.2 Salaysay-Bayan (Kuwentong-Bayan, Mitolohiya, Alamat);
  5.3 Tulang-Bayan; at
  5.4 Awiting-Bayan (Luzon, Visayas, Mindanao)
(6) Adyenda sa Pangangalaga ng mga Katutubong Wika.

Narito naman ang detalye para sa rehistrasyon. Ito ay ilalaan para sa seminar kit at pagkain, hindi kasama rito ang transportasyon at akomodasyon:
(1) Regular na bayad: Tatlong libo (PHP3,000.00);
(2) Maagang magpaparehistro: 22 Abril–19 Hulyo (PHP2,400.00); at
(3) May deskuwento: senior citizen, PWD, estudyanteng di-gradwado (PHP2,400.00).

Kalakip nito ang tentatibong programa ng seminar at borador ng memorandum.

Para sa iba pang mga tanong, makipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino sa pamamagitan nina Gng. Lourdes Z. Hinampas at Bb. Chinita Ann O. Francisco (Globe: 0927-685-6786, Sun: 0942-736-5283, Direct line: 252-1953, kwf.slak@gmail.com).

Pauna na ang aming pasasalamat sa inyong aktibong pakikiisa sa mga programang pangwika ng KWF.

Sumasainyo,

**VIRGILIO S. ALMARIO,** National Artist
Tagapangulo

2/P Gusali Watson, 1610 JP Laurel Street, San Miguel, 1005 Maynila
(02) 736.2525/24; 736.2519; 734.5547; 736.3830; 733.7260; 516.0326
www.kwf.gov.ph komisyonsawika@gmail.com

**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**
*Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika*
SMX Convention Center, SM City Bacolod
19-21 Agosto 2019

**TENTATIBONG PROGRAMA**

| | |
|---|---|
| **Unang Araw, 19 Agosto** | |
| 8:00-9:30 | **Pagpupugay sa Kaarawan ni Manuel L. Quezon**<br>Lungsod Bacolod Plaza |
| | Pambansang Awit |
| | Bating Pagtanggap |
| | Mensahe mula sa KWF |
| | Seremonya (Pag-aalay ng Bulaklak/Pagkilala sa Punong Itinanim ni Quezon) |
| | Pagtatanghal |
| ****************************** | |
| 7:00-10:30 | Pagpapatala ng mga Kalahok<br>SMX Convention Center |
| 10:30-11:00 | Pamaksang Tagapanayam<br>**Katutubong Wika: Halaga, Tungkulin, at Tunguhin** |
| 11:00-12:00 | Paglulunsad ng mga Aklat |
| | Oryentasyon sa mga Kalahok |
| 12:00-1:00 | Tanghalian |
| 1:00-1:40 | Paksa 1: Estado ng Saliksik sa mga Katutubong Wika |
| 1:40-2:00 | Malayang talakayan |
| | **Dokumentasyon ng mga Katutubong Wika** |
| 2:00-2:40 | Paksa 2: Pagbuo ng Ugnayan sa Katutubong Pamayanan |
| 2:40-3:00 | Meryenda |
| 3:00-3:40 | Paksa 3: Karanasan sa Dokumentasyon |
| 3:40-4:20 | Paksa 4: Archiving ng Datos |
| 4:20-5:00 | Malayang talakayan |
| **Ikalawang Araw, , 20 Agosto** | |
| 7:30-8:30 | Pagpapatala |
| | **Katutubong Wika: Pundasyon ng Intangible na Pamanang Kultura (Intangible Cultural Heritage)** |
| 8:30-9:10 | Paksa 5: Mga Isyu Hinggil sa Pag-aaral ng Panitikang-Bayan |
| 9:10-9:50 | Paksa 6: Pagsasalin ng mga Panitikang-Bayan |
| 9:50-10:20 | Malayang talakayan |
| 10:20-10:40 | Meryenda |
| | **Katutubong Wika: Daluyan ng Kaalamang-Bayan** |
| 10:40-11:40 | Paksa 7: Epikong-Bayan |
| 11:40-12:00 | Malayang talakayan |
| 12:00-1:00 | Tanghalian |
| 1:00-2:00 | Paksa 8: Salaysay-Bayan<br>Kuwentong-Bayan<br>Mitolohiya<br>Alamat |
| 2:00-2:40 | Paksa 9: **Tulang-Bayan** |
| 2:40-3:00 | Malayang talakayan |
| 3:00-3:20 | Meryenda |
| 3:20-4:20 | Paksa 10: **Awiting-Bayan** |
| 4:20-5:00 | Malayang talakayan |
| **Ikatlong Araw, 21 Agosto** | |
| 8:00-9:00 | Pagpapatala |
| 9:00-10:00 | Paksa 11: Adyenda sa Pangangalaga ng mga Katutubong Wika |
| 10:00-11:30 | Presentasyon ng Resolusyon |
| 11:30-12:00 | **Pampinid na Palatuntunan**<br>Pagtatanghal<br>Pampinid na Mensahe |
| 12:00-1:00 | Tanghalian<br>Pamamahagi ng Sertipiko |
| 1:00 - | Lakbay-Kultura |
| **Guro ng Palatuntunan** | |